TUNGO SA ISANG MAS MAPAGBUONG SIKOLOHIYA: HAMON SA MAKABAGONG SIKOLOHIYANG PILIPINO

ni Jay A. Yacat

Halos apat na dekada na ang nakalipas nang manawagan si Virgilio G. Enriquez sa Unang Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino na linangin ang Sikolohiyang Pilipino (SP) bilang isang "sikolohiyang bunga ng karanasan, kaisipan at oryentasyong Pilipino" (Enriquez 1976: 223). May ilan na ring nasulat ukol sa mga napanagumpayan gayun din ang mga limitasyon ng Sikolohiyang Pilipino bilang isang disiplina at kilusan (Bautista 2001; Church & Katigbak 2002; Clemente 2010; Gastardo-Conaco 2005; Mendoza 2006; Pe-Pua at Protacio-Marcelino 2000; Sta. Maria 1997; Torres 1996; San Juan 2006).

Sa anumang pagtatasa sa kalagayan ng SP, importanteng maunawaan ang kalikasan nito bilang bahagi ng kilusan ng pagsasakatutubo sa sikolohiya. Noong dekada 70, halos magkakasabay na pinuna ang maka-Kanluraning oryentasyon sa disiplina ng sikolohiya sa iba't ibang panig ng mundo (hal. Pilipinas, India, Mexico). Bilang solusyon, isinulong ang katutubong sikolohiya bilang isang alternatibong modelo: isang disiplinang maka-agham pa rin ang lapit subalit yaong may pagsasaalang-alang sa kultural na konteksto at may layon pa ring makabuo ng isang unibersal na sikolohiyang angkop sa lahat ng mga kultura (Kim at Berry 1993). Ayon kay Enriquez (1994), ang SP bilang isang katutubong sikolohiya ay ang "siyentipikong pag-aaral ng etnisidad, lipunan at kultura ng isang lipi, at ang paglalapat ng katutubong kaalamang nakaugat sa etnikong kamalayan sa praktis ng sikolohiya. (2)"

Maaaring pagtuunan ng pansin ang isang proseso ng pagsasakatutubo ng inangkat na sikolohiya upang mas maging angkop ito sa kultura ng mga Pilipino (Adair 2006). Ang mga hakbang sa pagbabagong ito ay kinapapalooban ng apat na yugto: pag-aangkat (importation), pagpupunla (implantation), pagsasakatutubo (indigenization), pagsasarili (autochtonization). Gagamitin ko ang balangkas na ito upang maglahad ng maikling kasaysayan sa proseso ng pagbubuo ng SP bilang katutubong sikolohiya.

Ang pag-aangkat at pagpupunla ng Kanluraning sikolohiya sa Pilipinas

Nagsimula ang pag-aangkat at pagpupunla ng Kanluraning sikolohiya sa Pilipinas nang magsibalik sa bansa ang mga ipinadalang iskolar sa Estados Unidos tulad ni Agustin Alonzo. Bagama't nahasa sa sikolohiyang eksperimental, mas pinili ni Alonzo na magpokus sa aplikasyon ng sikolohiya sa

larangan ng edukasyon. Naging tagapangulo si Alonzo ng Departamento ng Sikolohiya sa Unibersidad ng Pilipinas noong 1926 at siyang gumabay sa sumunod na henerasyon ng mga sikolohistang sina Alfredo Lagmay, Estefania Aldaba-Lim at Sinforoso Padilla (Enriquez 1994). Ang mga taon mula 1920 hanggang 1960 ay panahon ng pagtatag ng iba't ibang mga institusyong pangsikolohiya sa iba't ibang panig ng Pilipinas (Hechanova, Bernardo, at Yacat 2012). Karamihan sa mga tagapagtatag ng mga institusyong ito ay mga sikolohistang nagpakadalubhasa sa Estados Unidos at Europa.

Talahanayan 1. Maikling Tala ng Kasaysayan ng Sikolohiya sa Pilipinas sa Yugto ng Pag-aangkat at Pagpupunla ng Kanluraning Sikolohiya

1926	Itinatag ang Departamento ng Sikolohiya at Paaralan ng Edukasyon sa Unibersidad ng Pilipinas. Naging Tagapangulo si Agustin Alonzo.
1930	Itinatag ang Departamento ng Sikolohiya sa Unibersidad ng Sto. Tomas
1932	Sinimulan ni Sinforonso Padilla ang Psychological Clinic sa Unibersidad ng Pilipinas.
1933	Inumpisahan ni Jesus Perpinan ang Far Eastern University Psychological Clinic
1938	Itinaguyod ni Angel de Blas, OP, ang Experimental Psychology Laboratory sa Unibersidad ng Santo Tomas.
1948	Itinatag ni Estefania Aldaba-Lim ang Institute of Human Relations sa Philippine Women's University
1954	Itinatag ni Joseph Goertz, isang paring Aleman na kilala sa kaniyang kasanayan sa sikolohiyang eksperimental, ang Departamento ng Sikolohiya sa Unibersidad ng San Carlos.
1960	Itinatag ni Fr. Jaime Bulatao ang Departamento ng Sikolohiya at ang Central Guidance Bureau sa Ateneo de Manila University
1962	Itinatag ang Philippine Psychological Corporation, nagbibigay ng mga serbisyong sikolohikal at pangunahing retailer ng mga sikolohikal na panukat.

Ayon pa kay Enriquez (1985), nagsimula ang "mis-edukasyon" ng mga Pilipinong sikolohista nang yakapin ng mga ito ang pagtuturo ng sikolohiya sa wikang Ingles sa pangunguna ng mga iskolar na galing sa Estados Unidos. Dahil dito, natuto ang mga sikolohistang tingalain ang mga departamento ng sikolohiya ng mga unibersidad sa Estados Unidos. Ganito rin ang naging pananaw ni Lagmay (1984). Dagdag pa niya, ang paglaganap ng Kanluraning kaisipan sa sikolohiya ay bunsod na rin ng popularidad ng sikolohiya bilang isang kurso para sa mga nag-aaral ng edukasyon, pagnenegosyo at agham panlipunan. Nang lumaon, naging sikat din ang sikolohiya bilang batayang kurso para sa mga nais mag-aral ng medisina at abogasya.

Ingles din ang pangunahing wika ng pananaliksik sa sikolohiya. Halos lahat ng mga artikulong nailathala sa Philippine Journal of Psychology (PJP) simula nang itatag ito noong 1968 ay pawang nasa Ingles. Halos lahat ng mga panukat sikolohikal ay nasa Ingles rin. Kung kaya't kapag ginagamit ang mga ito sa mga Pilipinong hindi gamay ang Ingles, hindi lubos na mapagkakatiwalaan ang mga resulta. Kababahala rin para kay Lagmay (1984) na mga panukat na nasa Ingles rin ang ginagamit upang tasahin ang mga kakayahan ng Pilipino para sa larangan ng edukasyon at trabaho.

Ilang mga panganib sa labis na pag-asa sa wikang Ingles sa "pagsisikolohiya" ay ang: pagsasawalang-bahala (marginalization) at pagbaluktot (distortion) ng pang-unawa sa mga lokal na gawi at kaisipan, at ang patuloy na paglayo ng damdamin (alientation) sa sikolohiya ng karamihan ng mga Pilipinong hindi Ingles ang pangunahing wika.

Ang pagsasakatutubo ng sikolohiya sa Pilipinas

Hindi maikakaila na malaki ang naging papel ni Enriquez sa pagsasakongkreto ng isang programa sa pagsasakatutubo ng sikolohiya. Noong 1971, pagkabalik pa lamang niya mula sa Northwestern University, pinuna na niya ang walang habas na pag-angkat ng Kanluraning kaisipan nang walang pagsasaalang-alang sa lokal na kultura at karanasan (Enriquez 1976). Ang naging resulta ng kalakarang ito, na tinawag ni Enriquez na lapit na "angat-patong," ay isang sikolohiyang malayo, hindi angkop o nararapat sa kaisipan, karanasan at oryentasyon ng lokal na populasyon. Samakatuwid, kailangan ang pagsasakatutubo upang mapalapit sa loob ng mga katutubo o natibo ang inangkat na sikolohiya. Ang yugto ng pagsasakatutubo, ayon kay Adair (2006), ay binubuo ng mga sumusunod na kaganapan: 1) pagpuna sa kakulangan ng Kanluraning modelo at metodo; 2) pag-aangkop ng mga panukat at metodo sa wika at kultura; 3) pananaliksik sa mga paksang may pambansang interes; at 4) pagtitiyak ng mga makabuluhang kilos/kaisipan upang pag-aralan.

Pagkilala sa limitasyon ng Kanluraning modelo. Pinagtibay din ang pangangailangan ng isang modelo ng pananaliksik na mas sensitibo sa kultura sapagkat natagpuan na: ang mga paksa ng pananaliksik ay hindi makabuluhan sa mga taong pinag-aralan, ang mga metodo ay hindi tugma sa gawi ng mga tao, ang mga pakahulugan ay malayo sa kanilang karanasan, at may pagkiling sa datos o resulta kaysa sa mismong proseso ng pananaliksik (tingnan sa Feliciano 1965; Espiritu 1968; Santiago at Enriquez 1976). Naalarma naman si Guanzon (1985) sa malawak na praktis ng paggamit ng mga dayuhang panukat nang walang anumang pagsasalin, pag-aangkop o kahit anumang paglalatag ng mga *norms* batay sa lokal na populasyon.

Pag-aangkop ng mga panukat at metodo. Ilan sa mga unang inatupag ni Enriquez ay ang simpleng pagsasalin ng mga konsepto, metodo, teoretikal na balangkas at mga panukat sa wikang Filipino (Pe-Pua at Protacio-Marcelino 2000). Pangunahing layunin ng gawaing ito ang makapag-ambag ng mga materyal na maaaring magamit sa pagtuturo ng sikolohiya sa wikang Filipino. Nakabuo si Enriquez ng isang koleksyon ng mga tinipong mga papel ng mga estudyante sa sikolohiya at iba pang mga nakalathalang akda sa wikang Ingles at Filipino na inilagak sa Philippine Psychology Research and

Training House (PPRTH).

Noong 1975, inumpisahan ni Enriquez at ng kaniyang mga kasama ang pagbuo ng *Panukat ng Ugali at Pagkatao* (PUP), na kinikilala bilang isang panukat ng pagkatao na maituturing na sensitibo sa kulturang Pilipino mula sa nilalaman hanggang sa proseso ng pagkuha ng test. Ayon kina Susana Cipres-Ortega at Ma. Angeles Guanzon-Lapena (1997), may halos 200 panukat na ang naidebelop mula pa noong 1950 sa iba't ibang larangan ng sikolohoya tulad ng sikolohiyang pang-edukasyon (1950s); *projective tests* (1960s); panukat ng personalidad at pagkatao (1970s); mga panukat para sa mga bata at kabataan (1980s); at mas malalawak na larangan ng kilos, pag-iisip at mga katangian (1990s).

Hinikayat din ni Enriquez ang kaniyang mga estudyante at iba pang mga sikolihista na maglakas-loob na sumubok ng iba pang metodo (bukod sa eksperimento, sarbey, at paggamit ng panukat) at tumuklas ng iba pang mga konsepto kahit wala pang literatura ukol sa mga ito. Sa pamamagitan ng prosesong ito, inasahan ang pagbubuo ng alternatibong sikolohikal na kaalaman sa Pilipinas. Ipinanukala nina Carmen Santiago at Enriquez (1976) ang Modelo ng Maka-Pilipinong Pananaliksik upang gabayan ang pagsasagawa ng katutubong pananaliksik. Binigyang-diin ng modelo ang mga sumusunod: 1) pagbatay sa interes ng mga kalahok ang pagpili ng paksang sasaliksikin; 2) pagpili ng metodo alinsunod sa ginagamit at tinatanggap ng karaniwang Pilipino; 3) pag-iwas sa bulag na pagpapahalaga sa resulta ng pananaliksik; at 4) pagpapahalaga sa sariling palagay at haka-haka.

Ipinakilala rin ang dalawang iskala na halaw sa karanasan sa pananaliksik sa nayon: ang Iskala ng Mananaliksik at Kalahok; at ang Iskala ng Mananaliksik (Tingnan ang Talahanayan 2 sa ibaba). Pinagtitibay ng dalawang iskalang ito na magkaugnay at magkasinghalaga ang resultang nakukuha mula sa pananaliksik at ang prosesong mismong pinagdaan sa pananaliksik. Sa pamamagitan ng *Iskala ng Pagtutunguhan ng Mananaliksik at Kalahok*, ipinapahayag sa mga mananaliksik na posibleng makabuo ng iba't ibang antas ng lalim ng ugnayan sa mga kalahok. Sa maraming pagkakataon, may kinalaman ang lalim ng nabuong ugnayan sa kalidad ng datos na makakalap. Kung kakayanin, mainam na umabot sa antas ng pakikipagpalagayang-loob ang ugnayan upang mas makatiyak sa kalidad ng makokolektang datos.

Samantala, nakasaad naman sa *Iskala ng Mananaliksik* ang hanay ng mga posibleng lapit at metodo na maaaring pagpilian ng mga mananaliksik. Nakaayos naman ang mga ito ayon sa distansiya (kapwa pisikal at sikolohikal) ng mananaliksik sa kalahok. Batay dito, mahihinuha na mas malayo ang distansya ng mananaliksik sa kalahok kung gagamit siya ng pagmamasid kumpara sa kung ang isasagawa ay pagsubaybay na mas mangangailangan ng mas maliit na pagitan ng mananaliksik at kalahok. (Tingnan ang Talahanayan 2).

Talahanayan 2. Ang Modelo ng Maka-Pilipinong Pananaliksik (Santiago at Enriquez 1976)	
Iskala ng Mananaliksik	Iskala ng Pagtutunguhan ng Mananaliksik at Kalahok
Pagmamasid / Pakikiramdam / Pagtatanung-tanong / Pagsubok / Padalaw-dalaw / Pagmamatyag / Pagsusubaybay / Pakikialam / Pakikilahok / Pakikisangkot	Pakikitungo / Pakikisalamuha / Pakikilahok / Pakikibagay / Pakikisama / **Pakikipagpalagayang-loob** / Pakikisangkot / Pakikiisa

Maaaring maihalintulad ang mga nadebelop na mga katutubong metodo sa SP sa mga etnograpikong metodong mas madalas gamitin sa antropolohiya (Pe-Pua 2006). Ang kaibahan, ayon kay Rogelia Pe-Pua, ay nakapagbibigay ng mas tiyak na mga hakbang ang mga nilinang na katutubong metodo. Tatlo sa mas kilala at mas pinagtuunan ng pansin na mga metodo sa SP ay ang: *pagtatanung-tanong* (Gonzales 1982; Pe-Pua 1985, 1989); *pakikipagkuwentuhan* (Enriquez, 1988; Orteza 1997; Javier 2005); at *ginabayang talakayan* (Galvez 1988; Aguiling-Dalisay 1995).

Ginamit ang iba't ibang mga metodong nabanggit sa pagsusuri ng iba't ibang larangan at paksa tulad ng mga sumusunod: pagkalalaki (Santiago 1975); konsepto ng panahon (Nicdao-Hension 1982); pandarayuhan (Pe-Pua 1988); pakikiapid (de Vera 1976); buhay mag-asawa (Aguiling-Dalisay et al. 1995); pagkalalake (Aguiling-Dalisay et al. 1995; Aguiling-Dalisay et al. 2000); pang-aabuso ng mga bata (dela Cruz et al. 2001); karapatang pambata (Balanon at Yacat 2003); pagboboluntaryo (Aguiling-Dalisay et al. 2004); pagka-Pilipino at pagiging Pilipino (Yacat 2005); kaasalang sekswal at kaalaman ukol sa HIV-AIDS (Javier 2008); mga batang lansangan (Martinez 2010); katawan at pagkababae (Ong 2011); kasiyahan ng mga kabataan (Martinez 2011); kasaganahan sa buhay (Javier 2011); ginhawa ng mga ina (Perfecto-Ramos 2011); at kulturang pang-organisasyon (Abella-Zata et al. 2012).

Nang lumaon, naglahad si Pe-Pua (2009) ng karagdagang mga prinsipyo na gumagabay sa katutubong pananaliksik: 1) Makabuluhan ang papel ng ugnayan ng mananaliksik at kalahok sa kalidad ng mga datos na nakakalap; 2) Mahalagang pantay ang mananaliksik at kalahok; 3) Kailangang isaalang-alang ang kapakanan ng kalahok; 4) Nakabatay sa kaangkupan sa kultura ang pagpili ng metodong gagamitin; at 5) Mahalaga na ang wika ng kalahok ang gagamiting wika ng pananaliksik. May pagkilala rin na ang mga metodo sa katutubong pananaliksik ay hango sa pagpapahalaga sa pakikipagkapwa-tao (Javier 1996).

Kinilala ni Amaryllis Torres (1997) ang mahalagang papel ng SP sa pag-unlad ng paggamit ng mga metodong panlarangan (*field methods*) sa sikolohiya bukod sa nakagisnang eksperimento at sarbey. Sa pamamagitan nito, unti-unti ring nagkaroon ng puwang sa sikolohiya ang mga lapit na penomenolohikal,

peminismo, at postmodernismo. Ayon kina Timothy Church at Marcia Katigbak (2002), makatutulong din sa SP ang mga naturang lapit dahil tulad ng mga katutubong metodo pinapahalagahan din ng mga ito ang kalikasang lokal at konstektwal ng nakalap na datos.

Pagsaliksik sa mga paksang makabuluhan. Ilan sa mga temang tinutukan ng SP ay: 1) pambansang identidad at kamalayan; 2) pakikisangkot sa mga isyung panlipunan; 3) pambansa at etnikong kultura at mga wika sa Pilipinas; 4) batayan at gamit ng katutubong sikolohiya sa kalusugan, agrikultura, sining, mass media, relihiyon at iba pa; at 5) sikolohiya ng kilos, kaisipan at kakayahan ng tao na angkop sa kontekstong Pilipino (Enriquez 1993). Kung pagbabatayan ang mga nailathalang pag-aaral, lumilitaw na natugunan ng mga ito ang mga tema ng mga paksang unang pinahalagahan ni Enriquez (1993) para sa Sikolohiyang Pilipino. Makikita sa Talahanayan 3 ang mga nailahad na tema at ang mga halimbawang akda.

Talahanayan 3. Mga temang pinaksa ng mga pag-aaral sa Sikolohiyang Pilipino

Mga Tema	Halimbawang Pag-aaral
pambansang identidad at kamalayan	*Pagka-Pilipino at pagiging Pilipino* (Yacat 2005)
pakikisangkot sa mga isyung panlipunan	*pandarayuhan* (Pe-Pua 1988); *karapatan ng mga bata at kabataan* (dela Cruz et al. 2001; Bautista, Roldan at Garces-Bacsal, 2001; Balanon at Yacat 2003; Martinez 2010); *isyung pangkapayapaan* (Montiel 1995; 1997; 2000); *boluntirismo (*Aguiling-Dalisay, Yacat, at Navarro 2004); *pagharap sa kahirapan* (Javier 2010; Javier 2011)
batayan at gamit ng katutubong sikolohiya sa kalusugan, agrikultura, sining, mass media, relihiyon at iba pa	*sikopatolohiya at kalusugan* (Bautista 1998; Bautista 2011; Perfecto-Ramos 2011); *kulturang pang-organisasyon* (Abella-Zata et al. 2012)

sikolohiya ng kilos, kaisipan at kakayahan ng tao na angkop sa kontekstong Pilipino	*kasarian at sekswalidad* (Santiago 1975; de Vera 1976; Aguiling-Dalisay et al. 1995; Aguiling-Dalisay et al. 1995; Aguiling-Dalisay et al. 2000; Javier 2008; Ong 2011) *pahiwatig* (Maggay 2002)

Para kina Church at Katigbak (2002), tila ang pagsasakatutubo ng mga paksa (*topical indigenization*) o ang pagtitiyak na makabuluhan sa kultura at lipunang Pilipino ang mga paksang pinag-aaralan, ang lumilitaw na pinakamatingkad sa mga aspeko ng pagsasakatutubo sa Sikolohiyang Pilipino. Pareho din ang naging kongklusyon ni Clemente (2010) sa kaniyang pagsusuri ng mga nailathala sa PJP mula 1977 hanggang 2008.

Pagsusuri ng kilos at kaisipang makabuluhan sa kultura. May kaugnayan ang aspektong ito sa pagsasakatutubo ng mga konsepto at teoretikal na balangkas (conceptual/theoretical indigenization) nina Church at Katigbak (2006). Isang malaking kontribusyon ni Enriquez sa aspektong ito ay ang Teorya ng Kapwa (Enriquez 1978). Sa pamamagitan ng masusing pag-unawa sa wika, natagpuan niyang higit ang kahalagahan ng pakikipagkapwa kaysa pakikisama, na sa mga panahong iyon ay itinuturing na nasa pinakaibuturan ng pagka-Pilipino.

Nilinaw ni Enriquez na sa umpisa hindi naman siya talaga naghanap ng iisang konsepto. Ninais lang niya na makapagpalitaw ng mga makahulugang konsepto batay sa wikang Filipino na makakatulong sa pag-unawa ng ating pag-uugnayan. At dahil mahalaga sa atin ang ating pag-uugnayan, inasahan niya na masasalamin ito sa wika. Kasama si Carmen Santiago, inumpisahan nilang suriin ang mga salitang may kinalaman sa pag-uugnayan at mula dito ay nakapaglahad ng walong antas ng pagtutunguhan (na siya ring mga antas sa Iskala ng Pagtutunguhan ng Mananaliksik at Kalahok) (Santiago at Enriquez 1982).

Maaari ding ikategorya ang walong antas sa dalawang kategorya: ibang tao (IT) at hindi ibang tao (HIT). Ang pag-iibang ito ay isa sa mga magiging importanteng elemento ng pagsasateorya sa kapwa, na gagamitin ng mga bagong henerasyon ng mananaliksik. Napagtibay ni Yacat (2009) na makabuluhan pa ring mapag-iiba ang mga antas ng pagtutunguhan ayon sa IT at HIT. Natagpuan rin na ginagamit ng mga estudyante sa kolehiyo ang IT at HIT bilang kategorya ng kanilang mga relasyon o pag-uugnayan (Yacat et al. 2009). Mula sa mga kahulugan ng mga kalahok nagdebelop ng panukat at tinatawag na Ang Panukat ng Pag-uugnayan ng mga Pilipino, isang panukat na naglayong suriin ang pagkakaiba ng dalawang kategorya. Natagpuan na nagkaiba ang mga relasyong IT at HIT ayon sa mga sumusunod na dimensiyon: lapit ng loob; gaan ng loob; dalas ng pagkikita; tagal ng pagsasama; at antas ng pagkakasundo. Ginamit naman ni Cherrie Joy Billedo (2009) ang panukat upang suriin ang mga online na pag-uugnayan. Samantala, nakita ni Jose Antonio Clemente (2011) na kayang pag-ibahin ng mga

estudyante ang relasyon nila sa kanilang mga guro batay sa pagkakaiba ng IT at HIT.

Subalit, binigyang-pansin ni Enriquez na ang pag-uugnayan sa IT at sa HIT ay maaaring saklawin ng pakikipagkapwa, kung saan ang ugat ay nasa konsepto ng kapwa, na siya namang naging buod na konsepto sa Sikolohiyang Pilipino. Para kay Enriquez, ang kapwa ay ang pagsasanib ng "ako" at "iba"." Nagsisimula ito, ayon sa kaniya, sa pagkilala ng isang tao na mayroon siyang kaugnayan sa iba. Kapag nagsimulang mag-isip ang isang tao na siya ay hiwalay sa iba, lilitaw ang pagiging indibidwalistiko kasabay ang pagtanggi sa pagiging kapwa ng iba. Mula sa ganitong kaisipan, inilahad niya ang sistema ng pagpapahalaga na para sa kaniya ay magiging resulta ng ganitong klaseng pagtatangi sa sarili at ibang tao. Batay sa lohikang ito, kung ang isang tao ay may pagpapahalaga sa kapwa (ugnayan ng sarili sa iba), pahahalagahan rin niya ang pakikiramdam (tinawag ni Enriquez na pivot value) na siya namang gagabay sa isang tao kung kailan mainam maging paayon (accommodative) o kung kailan dapat pahalagahan ang pagiging palaban (confrontative).

Talahanayan 4. Estruktura ng mga Pagpapahalagang Pilipino (Enriquez 79)

Paayong Pagpapa-halaga	Hiya	Utang na Loob	Pakikisama
Mga Kaugnay na Kilos	Biro	Lambing	Tampo
Palabang Pagpapa-halaga	Bahala na	Lakas ng Loob	Pakikibaka
Pagpapahalagang Tulay ng Sarili at Iba	Pakikiramdam		
Buod na Pagpapa-halaga	Kapwa		
Pagpapahalagang Tulay ng Sarili at Lipunan	Kagandahang-Loob		
Pagpapahalagang Panlipunan	Karangalan	Katarungan	Kalayaan

Pinuna naman ni Madelene Sta. Maria (1997) ang pagbabalangkas sapagkat, aniya, mas nakasalalay ito sa pilosopikal na pagbabaka-sakali kaysa masusing pagsusuri ng wika o sistematikong obserbasyon sa pang-araw-araw na buhay ng mga tao. Dahil dito, walang pinag-iba ang balangkas ng kapwa, aniya, sa mga balangkas na ipinanukala ng mga dayuhang mananaliksik na matinding pinuna ni Enriquez.

Sa mga isinagawang pag-aaral upang subukin ang ilan sa mga batayang kaisipan sa likod ng modelo, pinapagtibay na tunay na mahalagang konsepto para sa atin ang kapwa at pakikipagkapwa (Clemente et al. 2008; Manalastas 2009; Billedo et al. 2011; Yacat 2012; Abella-Zata et al. 2012) subalit nanatiling hindi tiyak ang pagiging "core" ng kapwa. Kung ibabatay sa resulta ng mga pag-aaral na ito, may ilan nang mga pagpipino na iminumungkahi sa teorya ng kapwa.

Samantala, ipinanukala ni Eric Julian Manalastas (2009) na upang matiyak kung buod na konsepto nga ang kapwa, kailangang maipakita na: may mataas na pagkiling dito ang mga Pilipino; may katatagan ang pagkiling na ito sa pagdaan ng panahon; marami sa mga Pilipino ay may mataas na pagkiling sa kapwa; at may indibidwal na pagkakaiba pa ring aasahan sa pagkiling na ito. Wala pang pag-aaral na naisagawa ukol dito.

Bukod sa kapwa, isa pang konsepto na nabibigyan ng atensiyon sa sikolohikal na literatura ay ang tagasalo na unang tinalakay ni Dr. Ma. Lourdes Carandang halaw sa kaniyang klinikal na praktis (Udarbe 2001). Ang tagasalo ay sinumang tumutulong na maibsan ang mga dalahin ng isang pamilya. Matapos ilahad ang mga katangiang iniuugnay sa tagasalo, pinagtuunan naman ng pansin ang pagpapatibay sa mga katangiang ito gamit ang Panukat ng Pagkataong Pilipino (Go Tian 2004). Isa pang balangkas na patuloy na lumalawak ang paggamit ay ang modelo ng pagdadala (Decenteceo 1999). Binigyang pansin ang potensiyal ng modelo sa pag-agapay sa mga batang biktima ng armadong tunggalian (Noguera 2013) o sa mga lalaking nabibigatan sa mga pasanin ng pagiging lalake sa lipunang Pilipino (Rubio at Green 2009). Ang mga konsepto ng tagasalo at pagdadala ay kapwa may implikasyon sa pananaw ukol sa sikoterapi at sikolohiyang pangklinika.

Ngunit maliit lamang ang bilang ng mga ito upang magbigay ng karampatang hamon sa mga Kanluraning balangkas na matatagpuan at ginagamit sa maraming sangay ng sikolohiya. Binanggit nina Church at Katigbak (2002) na naging mabagal ang pag-usad ng pagsasateorya at pagbubuo ng mga katutubong balangkas. Iniugat ito ni Sta. Maria (1996) sa kabiguan ng SP na magtakda ng sistematikong paraan ng pagsisinsin ng mga kaalamang sikolohikal. Aniya, hangga't hindi nalilinaw kung paano naisasagawa ang isang mahusay at katanggap-tanggap na pananaliksik sa SP, hindi maisasakatuparan ang pangunahing tunguhin ng SP na itakda ang direksyon ng sikolohiya sa Pilipinas. Naglahad siya ng ilang mga panukala kung paano higit na mapapagtibay ito sa SP: 1) paglalahad ng mga makakabuluhang konseptong ginagagamit ng mga Pilipino; 2) pagsusuri ng makabuluhang mga gawain kung saan naisasabuhay ang mga partikular na sikolohikal na karanasan; at 3) pagtitiyak ng organisasyon o kaayusan ng mga kultural na mga gawain o sitwasyon at paghahambing ng pagkakaiba sa pagtugon o karanasan sa mga ito ng iba't ibang grupo ng mga Pilipino (Sta. Maria 2000).

Pagbuo ng Malayang Disiplina ng Sikolohiya

Ang kaganapan ng pagsasakatutubo, ayon kay Adair (2006), ay ang *autochtonization* o yaong pag-abot sa punto na ang isang inangkat na Kanluraning sikolohiya ay lubos nang "naisakatutubo" (indigenized). Sa kaniyang paglalarawan, malaking bahagi sa mga katangian ng yugtong ito ay kahalintulad naman

sa pagsasakatutubo ng mga institusyong pangsikolohiya na tinalakay nina Church at Katigbak (2002). Ilan sa mga ito ay: 1) pagkakaroon ng mga gradwadong programa; 2) paglalathala at paggamit ng mga lokal na mga teksbuk; 3) may pambansang samahan na nagtataguyod ng journal at mga pananaliksik; 4) may napagkasunduang pamantayan ng etika ng pananaliksik at propesyunal na praktis; 5) may sapat na pambansang pondo para sa mga pananaliksik; at 6) kritikal na bilang ng mga iskolar na nagtutuon ng pansin sa mga usaping makahulugan sa kultura at makabuluhan para sa bayan.

Sa kasalukayan, tanging ang Unibersidad ng Pilipinas lamang ang may Ph.D. program na may konsentrasyon sa Sikolohiyang Pilipino simula nang ituro ang SP bilang isang kurso noong 1978 at unang makapagpatapos ng isang doktorado noong 1992. May lima pa lamang ang nakapagtapos ng Ph.D. sa ilalim ng naturang programa. Samantala, may masteradong programa naman sa sikolohiya ng lipunan at kalinangan ang Pamantasang De La Salle. Bagama't may kurso sa Sikolohiyang Pilipino sa di-gradwadong antas, itinuturing namang hiwalay na paksa ang SP mula sa iba pang kurso ng sikolohiya (Sta. Maria 1996). Sa bagong kurikulum para sa mga di-gradwadong programa sa sikolohiya, itinalaga ng Commission on Higher Education ang Sikolohiyang Pilipino bilang isa sa *elective courses*. Ngunit walang malinaw na datos kung ilang mga unibersidad ang nagsama sa kursong SP sa kani-kanilang kurikulum.

Isa sa mga posibleng dahilan kung bakit hindi napabilang ang SP sa mga *required* na kurso ay ang kakulangan ng mga babasahin at mga teksbuk. Ang ilang mga akda na nagsisilbing pangunahing batis ay nailathala noon pang 1980s at 1990s:

Pe-Pua, R. (Pat.), Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo at Gamit. 1982.

Aganon, A. at David, M.A. (Pat.), Sikolohiyang Pilipino: Isyu, Pananaw at Kaalaman. 1985.

Enriquez, Virgilio G. (Ed.), Indigenous Psychology: A Book of Readings, 1990.

Enriquez, Virigilio G. From Colonial to Liberation Psychology, 1992.

Enriquez, Virgilio G. Pagbabangong-Dangal: Indigenous Psychology and Cultural Empowerment, 1994.

May pagtatangka ring isama ang Sikolohiyang Pilipino bilang isang paksa sa panimulang kurso sa sikolohiya. Sa katunayan, sa inilathalang teksbuk ng Departamento ng Sikolohiya ng Ateneo de Manila University may kabanata ukol sa pagsasakatutubo ng sikolohiyang panlipunan (tingnan sa Teh at Macapagal 1999). Subalit wala ring datos kung gaano karaming guro ang gumagamit nito sa kanilang pagtuturo.

Nagsumikap ding maglathala ang Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP), ang pangunahing organisasyon na nagtataguyod ng SP, ng ilang mga monograp at aklat na may kinalaman

sa SP bagama't natigil ang paglalathala ng *Diwa*, ang opisyal na journal ng samahan. Ang *Binhi* ay serye ng mga monograp na nagtatalakay sa mahahalagang usaping teoretikal, konseptuwal o metoodolohikal sa SP. Ang una sa serye ay isang pagtatasa sa kalagayan ng SP ilang taon matapos pumanaw si Enriquez (Pe-Pua at Protacio-Marcelino 2002) at ang mga sumunod ay nakatuon naman sa mga metodolohiya: kros-katutubong pamamaraan ng pananaliksik (Pe-Pua 2005); pakikipagkuwentuhan (Javier 2005) at workshop bilang metodo ng pananaliksik (Ong 2007). Ang pinakahuling lathalain ng PSSP ay ang *Isip: Kaisipan sa Kultura, Lipunan at Sikolohiyang Pilipino*, isang pagtitipon ng mga papel na umiikot sa isang tema o paksa. Ang edisyong ito ay may kinalaman sa sikolohiya ng sarap, ligaya at ginhawa (tingnan sa Cantiller at Yacat 2012).

Ang iba pang naging *outlet* ng mga lathalain sa SP sa wikang Filipino ay ang mga journal ng iba't ibang unibersidad tulad ng *Philippine Social Sciences Review* at *Daluyan* ng Unibersidad ng Pilipinas, at ang *Malay* at *Layag* ng Pamantasang De La Salle. Mayroon ding ilang nailathala sa *Philippine Journal of Psychology* (PJP), ang pangunahing journal ng Psychological Association of the Philippines, at iba pang journal na nasa wikang Ingles tulad ng *Asia Pacific Social Sciences Review*.

Samantala, pinagtibay ng Psychological Association of the Philippines (PAP) noong 2009 ang binagong Kodigo ng Etika para sa mga kasapi nito (PJP 2010). Saklaw ng pamantayan na ito hindi lamang ang etikal na kilos ng isang Pilipinong sikolohista sa larangan ng pananaliksik kundi maging sa propesyunal na praktis.

Ang huling dalawang batayan ni Adair ng isang matagumpay na isinakatutubong sikolohiya ay may kinalaman sa iskolarsyip. Mahalagang salik ito sa pagpapaunlad at pagpapatatag ng isang disiplina. Subalit, ayon kay Allan Bernardo (1997), hindi pa maituturing na maunlad ang iskolarsyip sa sikolohiya sa Pilipinas dahil sa kawalan ng isang kultura ng pananaliksik. Isa sa mga itinuturong dahilan dito ay ang kawalan ng sapat na pondo para manaliksik. Mahalaga ang sapat na pondo upang matiyak ang patuloy na pananaliksik ng mga sikolohista. Subalit dahil sa kakulangan ng pondo at iba pang *resources*, mas pinipili ng nakararaming sikolohista ang mga gawain na mas kapaki-pakinabang sa bulsa. Dahil dito, may mga sikolohistang paiba-iba ng mga paksang pinagtutuunan ng pansin depende sa kung aling paksa ang pinupondohan o kaya naman may mga paksa na pinakamadalas pag-aralan dahil ito rin ang mga paksang pinopondohan. Idinagdag pa ni Bernardo na patunay lamang na hindi pa programatiko ang mga pananaliksik ng karamihang sikolohista. Importante ring banggitin na marami sa mga mananaliksik sa sikolohiya ay nagtuturo din. At dahil sa bigat ng mga teaching load ng mga guro, kaunti lamang ang panahon na kanilang naigugugol sa pananaliksik. Isa pang mahalagang oberbasyon ni Bernardo na posibleng dahilan kung bakit mababa ang *output* ng mga sikolohista sa pananaliksik ay ang taglay na mga maling akala ng karamihan kung paano isinasagawa ang pananaliksik.

Isang magandang balita sa puntong ito ay hatid ni Clemente (2010) batay sa kaniyang pagsusuri ng mga nailathala sa PJP mula 1978-2008. Itinuring niyang SP ang isang akda kung nasusunod nito ang alinman sa mga sumusunod: gumamit ng katutubong konsepto; gumamit ng katutubong metodo; at/o nagpokus sa isang makabuluhang usapin sa kultura at lipunang Pilipino. Batay sa kategorisasyong ito, natagpuan na karamihan ng mga pag-aaral (61%) ay maituturing na SP. Ang kagandahan pa nito hindi lahat ng mga akdang ito ay sinulat ng mga taong kilalang nagsusulong ng SP. Ngunit nakalulungkot na

may malaking bilang pa rin ng mga akda (39%) na gumagamit pa rin ng angat-patong na istratehiya.

Bilang paglalagom sa mga natalakay sa bahaging ito, masasabi kong ang SP ay nasa yugto pa lamang ng pag-usbong sa pagkasarili nito. Bagama't may ilan nang makabuluhang sinimulan, tulad ng halimbawa ng pagbubukas ng mga kurso, *degree program*, lathalain, hindi pa rin malawak ang saklaw at abot ng SP. Malaki ang posibilidad na ang mga unibersidad at kolehiyo lamang sa Kalakhang Maynila at karatig lalawigan sa Luzon ang abot ng impluwensiya ng kaisipan sa SP. Hindi pa rin ang perspektibo ng SP ang namamayani sa pagtuturo, pananaliksik at praktis ng sikolohiya sa Pilipinas. Nangangahulugan na matapos ang halos apat na dekada, nananatiling alternatibong anyo pa rin ng sikolohiya sa Pilipinas ang SP. Mukhang hindi pa rin nakakamit ng SP ang hangaring maging "pangunahing anyo ng sikolohiya sa Pilipinas" (tingnan sa Enriquez 1976).

Usaping pang-identidad at mga tensiyon sa loob at labas ng SP

Naging kritikal sa pagsisimula ng SP na angkinin ang pagiging alternatibo. Humugot ng lakas ang kilusan sa pagiging kahaliling modelo upang mapag-iba at makilala ang SP mula sa dominanteng anyo ng Kanluraning sikolohiya. Ngunit kasabay nito, may maselan at masalimuot na pagbabalanse ang dapat gawin: hindi rin maaaring lubos na lumihis ang SP mula sa kaibuturan ng kung ano ang sikolohiya. Dahil kung magkagayon, posibleng hindi makukumbinsi ang nakararaming sikolohista na pumanig sa SP sa pag-aakalang hindi na kilalanin bilang "sikolohikal" ang landas na kanilang tatahakin. Sa madaling sabi, kailangang mapatunayan ng SP na sa kabila ng bagong anyo nito, ito'y sikolohikal pa rin.

Ilan sa mga unang gawain para sa SP upang itakda ang hiwalay nitong identidad ay sa pamamagitan ng: 1) paglalahad ng saklaw ng SP bilang disiplina; at 2) pagtatakda ng batayan nito sa kultura at kasaysayan.

Ayon kay Enriquez (1974), maaaring bigyang kahulugan ang sikolohiya bilang siyentipikong pag-aaral ng mga sumusunod na kategoryang halaw sa kultura at kasaysayan:

> …*kamalayan* na tumutukoy sa damdami't kaalamang nararanasan; sa *ulirat* na tumutukoy sa pakikiramdam sa paligid; sa *isip* na tumutukoy sa kaalaman at pagkaunawa; sa *diwa* na tumutukoy sa ugali, kilos at asal; sa *kalooban* na tumutukoy din sa damdamin; at sa *kaluluwa* na siyang daan upang mapag-aralan din ang tungkol sa budhi ng tao… (3)

Sa pamamagitan ng paglalahad na ito, itinakda ni Enriquez ang kaibahan ng SP sa saklaw ng

namamayaning sikolohiya sa panahon na iyon. Sa makabagong depenisyon ng Kanluraning sikolohiya (KS), tanging ang isip at kilos lamang ang mga sentral na konsepto bunga ng pananaig ng behabyorismo at kognitibismo sa sikolohiya. Sa aspektong ito, ipinapahayag ni Enriquez na kaya din ng SP na pagtuunan ng pansin ang mga sentral na usapin sa KS.

Sa muling pagsipat, mistulang hindi na kasinghalaga para sa KS ang kamalayan, ulirat, at kalooban. Subalit sa pagsama ni Enriquez sa tatlong ito sa saklaw ng SP, pinanumbalik niya ang kahalagahan ng mga konseptong ito sa Sikolohiyang Pilipino. Marahil, sa pamamagitan nito, pinaalalahanan ni Enriquez ang mga sikolohista na lehitimong pag-aralan sa SP ang mga paksa tulad ng sapi o sinapian, iba't ibang karanasan ng sakit (pain), o ang pag-unawa sa ating mga Panghuli, ipinahayag din ni Enriquez na may katuturan na pag-aralan sa SP ang kaluluwa, isang konsepto na malinaw na kinaligtaan sa Kanluraning sikolohiya. Mababanaag sa pahayag ni Carl Martin Allwood (2005) ang ganitong pag-aatubiling panghawakan ang anumang may kinalaman sa relihiyon o espitiwalidad: "… a softening of the boundary between science and religion might make it harder to evaluate empirical evidence in a more neutral way." ["… ang pagpusyaw ng hangganan sa pagitan ng agham at relihyon ay posibleng maging balakid sa nyutral na pagtatasa ng mga katibayang empirical."] Allwood (85)

Sa kabilang dako, malugod namang tinanggap ni Enriquez ang ganitong pangyayari para sa mga katutubong sikolohiya tulad ng SP: "In fact, the recognition that science evolved from Eastern intellectual traditions provided additional impetus to the task of investigating the Filipino intellectual tradition" [Sa katunayan, ang pagkilala na nanggaling din ang agham sa tradisyong pangkaisipang Silangan ang siyang nagtulak upang siyasatin ang Pilipinong tradisyong pangkaisipan.] Enriquez (1997:43)

Sa bisa nito, naging lehitimong usapin sa SP ang may kinalaman sa relihiyon, espiritwalidad at pananampalataya; mga usaping hindi gaanong sentral sa mga pagtalakay sa Kanluraning sikolohiya. Katunayan, dalawang beses na pinaksa sa pambansang kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino ang usapin ukol sa espiritwalidad: ang una noong 1987 at huli noong 2001.

Samantala, ayon kay Pe (1982), mahalagang itala ang sariling kasaysayan ng Sikolohiyang Pilipino upang maipakita na ibang-iba ang batayan nito kumpara sa Kanluraning sikolohiya. Aniya: …matagal-tagal na ang kasaysayan nito mula sa panahong itinuro ang sikolohiya dito sa Pilipinas, kundi mula pa sa panahon ng mga ninuno natin, ng mga katalonan, babaylan, arbolaryo atbp. (34)

Kapansin-pansin ang kaibahan nito sa kasaysayan ng sikolohiya sa Pilipinas na itinala ni Allen Tan (1999) na nagsimula ng pagtalakay sa pagtuturo ng sikolohiya bilang pormal na disiplina sa mga unibersidad at kolehiyo noong 1900s. Bagama't kinilala ni Salazar (1985) na isa ang tradisyong *akademiko-siyentipko* sa mga batayang kaisipan ng Sikolohiyang Pilipino, iginiit niya na pinagbabatayan din ng SP ang mga kaalaman mula sa *akademiko-pilosopikal* (kaisipang umusbong sa Unibersidad ng Sto. Tomas na naimpluwensiyahan ng pilosopiyang Griyego at Kristiyano), *sikolohiyang etniko* (kaisipang mapupulot mula sa kaalamang-bayan) at *siko-medikal na tradisyon* (kaalamang binanggit ni Pe sa itaas).

Talahanayan 5. Paghahambing ng Kanluraning sikolohiya sa Sikolohiyang Pilipino		
	Kanluraning Sikolohiya sa Pilipinas	Sikolohiyang Pilipino
Saklaw ng disiplina	Siyentipikong pag-aaral na kilos at isip ng tao	Siyentipikong pag-aaral ng: kamalayan, ulirat, isip, damdamin, diwa (kilos) at kaluluwa (Enriquez 3)
Kasaysayan	Nagsimula nang pormal na itinatag ang unang mga departamento ng sikolohiya sa mga unibersdidad (sikolohiyang akademiko-siyentipiko) (tingnan sa Bautista 2001; Enriquez 1992; Salazar 1990)	Bukod sa akademiko-siyentipikong tradisyon, kinikilala rin ang mahalagang kontribusyon ng akademiko-pilosopikal, kinagisnang sikolohiya o sikolohiyang etniko, at siko-medikal na tradisyon

Sa obserbasyon ng marami, sa larangan ng metodolohiya (at ang mga pilosopikal na batayan sa likod nito) tuluyang humiwalay ang SP sa Kanluraning sikolohiya (Church at Katigbak 2002; San Juan 2006; Bernardo 2009). Bagama't hindi itinakwil sa SP ang pagka-agham, mistulang naging sadya naman ang pagkiling nito sa mas hermeneutika at humanistikong modelo bilang paglihis mula sa mga positibistang lapit na siyang nanaig sa Kanluraning sikolohiya.

Una, upang pahalagahan ang lokal na kultura bilang batayan ng sikolohikal na kaalaman, naging kritikal ang papel ng wikang Filipino (at iba pang wika sa Pilipinas) sa pagsasateorya at metodolohiya ng SP. Gamit ang mga katutubong metodo, nakasalalay sa "masusing pag-aanalisa ng paggamit ng lokal na wika" ang naging daan sa pagtuklas ng mga katutubong kahulugan at kaisipan sa kabila nang kawalan ng malinaw na pagtalakay sa kontekstong historikal-pulitikal ng mga diskursong nabanggit (Sta. Maria 2000; San Juan 2006). May ilan ding pagtuligsa na nakasentro sa wikang Tagalog ang pagdidiskurso sa Sikolohiyang Pilipino.

Ikalawa, bagama't kinilala ni Enriquez na dalawa ang daan tungo sa pagsasakatutubo ng sikolohiya, ang *pagsasakatutubo-mula-sa-labas* (indigenization from without) at *pagsasakatutubo-mula-sa loob* (indigenization from within), kapuna-puna ang matingkad na pagkiling niya sa huli.

Ikatlo, may pagtuligsa sa pagbabalatkayo ng Kanluraning sikolohiya bilang diumanong disiplinang walang kinikilingan subalit sa katotohanan nama'y nagagamit o ginagamit bilang kasangkapan ng may kapangyarihan sa panggigipit sa iba. Sa puntong ito, litaw na litaw ang pulitikal na agenda ng SP tungo sa dekolonisasyon. Binansagan pa ni Enriquez (1992) ang SP bilang "malaya" at "mapagpalayang" sikolohiya na may layuning iwaksi ang pagkagapos ng kaisipang Pilipino sa mga mananakop; putulin ang gapos ng imposisyon ng mayayamang bansa sa mga naghihikahos na bansa; at labanan ang gamit ng sikolohiya sa patuloy na panunupil sa mga walang boses sa lipunan. Makailang-ulit ding hinikayat ni Enriquez ang mga Pilipinong sikolohista na bumaba sa kanilang toreng garing (ivory tower) at itaguyod ang gamit ng sikolohiya sa paglilingkod sa kapwa Pilipino.

Sa aking palagay, ang mga paninindigang ito ng SP ang nagsilbing palatandaan upang kilalanin kung sino ang maka-SP at sino ang hindi. Nang lumaon, nakilala ang mga sikolohistang maka-SP sa sumusunod na paninindigan: 1) pagkiling sa o ekslusibong paggamit ng wikang Filipino sa pagtuturo, pananaliksik o pagsusulat; 2) pagkiling at/o paggamit ng mga katutubong metodo at/o iba pang kwalitatibong metodo (kasabay ang pagtalikod sa mga kwantitatibong mga pamamaraan); 3) paggamit ng mga katutubong konsepto o balangkas; at 4) pagkilala sa papel ng sikolohiya sa pagtugon sa mga isyung panlipunan.

Sa ganang akin, ang patuloy na pagsusulong ng ganitong makitid na pananaw sa kung ano ang maka-SP ay lihis sa pangkalahatang layunin na makabuo ng "ganap na malayang" (autochtonous) disiplina para sa Sikolohiyang Pilipino. Hindi lamang ito nagdudulot sa walang saysay na pagkakahati-hati ng mga sikolohista at posibleng humantong sa lalong pagsasaisantabi ng Sikolohiyang Pilipino.

Ilang paglilinaw sa SP bilang malayang sikolohiya

Sa bahaging ito, ilalahad ko ang aking paninidigan sa mga puntong naisaad sa itaas at tatangkain kong ilarawan ang magiging hugis ng isang Sikolohiyang Pilipino na matagumpay sa kaniyang kaganapan bilang isang malayang larangan ng disiplina. Kailangang bigyang linaw ang mga usaping ito bago pa man umusad ang SP tungo sa pagiging ganap na malaya: 1) ang usapin ng wika; 2) ang usapin ng metodo; 3) usapin ng konsepto at teorya; 4) pulitikal na pagkilos at pakikilahok sa mga isyung panlipunan.

***Wika at SP*.** Tunay na masalimuot ang usapin ng wika para sa SP. Kinikilala ko at pinagtitibay na malaki ang papel ng pag-unawa ng wika sa pag-unawa sa kultura ng tao. Kaisa din ako sa anumang pagpapayaman at pagsusulong ng paggamit ng wikang Filipino at iba pang wika sa Pilipinas. Kailangan ding hikayatin ang mga mananaliksik mula sa iba't ibang panig ng Pilipinas na mag-ambag ng kani-kanilang kontribusyon sa umuusbong na literatura sa Sikolohiyang Pilipino upang hindi hayaang ang mga konsepto lamang sa wikang Tagalog ang nagiging sentro ng pag-unlad sa SP.

Kasabay nito, kailangan ding iwasan ang pananaw na walang lugar sa SP ang Ingles at iba pang dayuhang wika. Wala naman sa wikang ginamit ang halaga o buti ng kaisipang hatid nito. Sa aking palagay, hindi ang paggamit ng wikang Ingles ang talagang panganib para sa SP, kundi ang "pagsisikolohiya sa Ingles" na ang ibig sabihin ay ang awtomatikong pagbatay sa wikang Ingles

bilang panimula ng anumang gawaing sikolohikal (pagtuturo, pananaliksik o praktis ng sikolohiya). Ang paanyaya na pagtuunan ng pansin ang lokal na wika ay isang istratehiya upang mailayo tayo sa nakagawiang gawing pamantayan ang Kanluraning sikolohiya. “Think (in) Filipino” ika nga ng isang mainam na slogan.

Ngunit aaminin ko rin na hindi sapat ang pagsusuri ng wika upang makabuo ng isang kaalaman para sa pangkabuuang disiplina ng SP. Komplikado at dinamiko ang kulturang Pilipino na mangangailangan ng mas malawak na hanap ng mga metodo at lapit upang maging buo at kumpleto ang ating pag-unawa dito.

Ang metodong pang-SP. Bagama’t may katotohanan ang pagkiling ni Enriquez at iba pang maka-SP sa kwalitatibo at mga metodong panlarangan, hindi nangangahulugang walang puwang ang mga kwantitatibong metodo sa SP. Dahil nais tiyakin kung sapat ang ating pag-unawa sa mga pakahulugan at karanasan ng mga Pilipino, malaki ang naging tulong ng kwalitatibong lapit sa pananaliksik sa pagsinsin ng mga kaalamang galing sa ibaba lalo na sa mga panahong nagsisimula pa lamang ang SP bilang disiplina. Nakagawian na nating isipin ang halaga ng kwalitatibong lapit sa pagbubuo ng mga modelo at balangkas (Grolnick et al. 1990), kung kaya’t lohikal lamang na magiging kritikal ang papel nito sa pagtuklas ng mga katutubong konsepto at balangkas pangkaisipan. Sa puntong ito, maaari namang gamitin ang mga mas kwantitatibong lapit upang subukin ang katuturan ng nabuong balangkas.

Ganito ang prosesong ginamit namin nang siyasatin namin kung may sikolohikal na katuturan ang hindi ibang tao at ibang tao (HIT/IT) (Yacat et al. 2009). Nagtanung-tanong kami sa mga kabataan upang malaman kung nagkakaiba ang batayan para sa IT at sa HIT. Sinuri namin ang kwalitatibong datos at natagpuan namin na ang batayan ng IT/HIT ay relasyunal. Pagkatapos, sa hiwalay na pag-aaral, bumuo kami ng isang talatanungan na halaw ang mga aytem sa mismong mga sagot ng mga kalahok. Batay sa isinagawang pagsusuri ng mga salik, lumilitaw na nagkakaiba ang HIT at IT sa limang dimensiyon. Nais kong linawin na hindi nangangahulugang mas pinaboran namin ang kwantitatibong metodo at mistulang pang-suporta lang ang kwalitatibong metodo. Naniniwala ako na kapwa may kani-kaniyang tradisyon ang kwalitatibo at kawantitatibong pananaliksik, malaki rin ang ibinibigay na kumpiyansa sa mananaliksik kung sakaling mayroong pagkakasundo (convergence) sa resulta sa kabila ng paggamit ng magkaibang metodo.

Nais ko lang ipahayag na sa SP, posibleng gamitin, magkasama man o maghiwalay, kapwa ang kwalitatibo at kwantitatibong metodo ng pananaliksik.

Mainam rin kung makapaglalathala na ng isang manwal na nagsasaad ng pormal na proseso na isinasagawa kapag gumagamit ng mga katutubong metodo. Kailangang naka-detalye ang mga hakbang na ginagawa mula sa pangangalap ng datos hanggang sa pagsusuri at pagpapatibay ng resulta.

Katutubong konsepto at teorya. Isa sa mga paulit-ulit na tanong na aking natatanggap ay: dapat na bang kalimutan ang mga teorya mula sa Kanluraning sikolohiya? Walang pahayag si Enriquez na kailangang ibasura ang mga ito. Bagkus, malinaw ang panawagan niya na itigil ang pag-aangat-patong, o ang basta-bastang paggamit ng mga Kanluraning konsepto nang walang masusing pagsusuri. Sa kabilang banda, hindi rin naman matuwid na basta katutubo ang konsepto ay agaran din ang gagawing pagtanggap sa mga ito sa SP. Kailangang sumailalim sa masusing pagsusuri at pagsubok ang isang

konsepto, Kanluranin man o katutubo, upang matiyak ang katuturan ng mga ito sa ating disiplina. Batay na rin sa mga natalakay sa naunang bahagi ng papel na ito, mukhang kailangang pagtuunan ng pansin ang aspetkong ito ng pagsasakatutubo.

SP bilang kilusan vs disiplina. Hindi maitatanggi na bahagi ng kasaysayan ng SP ang kilusan tungo sa pagpapaigting ng pambansang kamalayan kung kaya may mga nagsasabi na ang SP ay hindi disiplina kundi isang kilusan lamang. Sa pagpanaw ni Enriquez, kapansin-pansin ang pagbagal ng paglinang ng mga katutubong balangkas kaya't lalong napagtibay ang pananaw na ito. Ayon kay Ma. Cecilia Gastardo-Conaco (2005), mas nagpokus ang mga sumunod na henerasyon na maka-SP sa paglalapat ng batayang teorya at prinsipyo ng SP sa iba't ibang larangan kung kaya't posibleng nakaligtaan ang bagay na ito.

Sa aking pananaw, hindi nangangahulugang magkatunggaling layunin ang pagiging isang maka-agham na disiplina at ang pagiging isang kilusan ng pagbabago. Naniniwala ako na may papel ang sikolohikal na pananaliksik sa pag-impluwensiya sa kung paano tumugon sa mga pampublikong usapin. Isa sa mga bagong pangyayari sa PAP ay ang mas mabilis at aktibong pagtugon sa mga usaping may kaugnayan sa sikolohiya. Halimbawa, nagbigay ng opisyal na pahayag ang PAP na naghihikayat sa lahat ng mga Pilipinong sikolohista na tutulan ang diskriminasyon laban sa mga Pilipinong LGBT (lesbian, gay, bisexual at transgender) at lumahok din sa mga pampublikong diskurso tungkol sa pagtutol sa mga panukalang ibaba ang edad ng criminal responsibility mula 15 sa 12 taon. Makikita sa mga pagkilos na ito kung papaanong maaring makatulong sa pagtugon sa mga usapin sa lipunan ang mga pananaliksik sa sikolohiya o SP.

Gayundin naman, mainam din kung maging pokus ng mga pananaliksik ay mismong mga usaping ito. Batay sa pagsusuri ni Clemente (2011), ito na ang nagiging *pattern* ng mga nailalathalang pananaliksik.

Buod at Kongklusyon

Hindi maitatatwa na malaki ang papel ng Sikolohiyang Pilipino sa mga pagbabago sa kalakaran ng sikolohiya sa Pilipinas. Naging importante rin ang pokus sa pagsasakatutubo-mula-sa-loob lalo na sa panahon na binubuo ng SP ang batayang pangkaisipan nito. Subalit ang patuloy na paggiit sa eksklusibong pagtuon dito at ang pagsasawalang-bahala sa potensiyal na kontribusyon ng pagsasakatutubo-mula-sa-labas ay nagpapatindi ng panganib na mananatiling isang alternatibong balangkas lamang ang SP sa sikolohiya sa Pilipinas.

Malaki ang nakikita kong positibong mangyayari kung sakaling magkakaroon ng integrasyon sa SP ang mga elementong kaugnay sa pagsasakatutubo-mula-sa-labas. Una, mas lalawak ang pagbabatayan at pagkukunan ng kaalaman ng mga iskolar sa sikolohiya. Ikalawa, mas maraming metodo at istratehiya ang maaaring gamitin na nangangahulugan rin na mas maraming mga paksa at tanong na mapagtutuunan ng pansin. Ikatlo, mas nagiging makabuluhan din ang sikolohiya sa buhay ng mga Pilipino kung sabay na isinusulong ang SP bilang disiplina at kilusan ng pagbabago.

Mabagal man ang pag-usad, unti-unti na rin na humahakbang ang SP tungo sa pagiging isang nagsasarili na disiplina. Malaki ang magiging papel ng lahat ng mga Pilipinong sikolohista sa aspektong ito. Ayon kay Clemente (2011), hindi naman kailangang magpakilala bilang maka-SP para makapag-ambag sa pagtataguyod ng SP. Maaaring tama ito dahil ito nga ang naobserbahang *pattern* ngunit malaking bagay pa rin kung lahat ng mga sikolohista sa Pilipinas ay aangkinin na maka-SP sila. May tatlong dahilan kung bakit magiging kapaki-pakinabang para sa ating mga Pilipino ang ganitong pagbubuo para ganap na maging malaya ang sikolohiya. Una, **ang mga Pilipino ang pinatutungkulan ng SP** (anumang wika pa man ang gamit natin). Ikalawa, **ang SP ay sikolohiyang atin**. Dito sa Pilipinas tumubo at lumago ang SP. Samakatuwid, tayo ang nagmamay-ari nito at tayo rin ang dapat magtulungan sa paglinang nito. Ikatlo, **ang SP ay sikolohiya natin**. Dahil tayong mga Pilipino ang paksain ng SP, ang produkto nito ay sikolohiya nating mga Pilipino bilang Pilipino. Kaya napapanahon na upang angkinin ng lahat ng mga sikolohista sa Pilipinas ang SP.

MGA SANGGUNIAN

50 Years of Psychological Association of the Philippines: Milestones, Inspirations and Aspirations. Ed. Regina Hechanova, Allan B.I. Bernardo at Jay A. Yacat. Quezon City: Psychological Association of the Philippines, 2012. Nakalimbag.

Abella-Zata, Grace, et al. *Forging Management Excellence on the Anvil of Culture*. Mandaluyong: People Management Association of the Philippines, 2012. Nakalimbag.

Adair, John. "Creating Indigenous Psychologies: Insights form Empirical Social Studies of the Science of Psychology." *Indigenous and Cultural Psychology: Understanding People in Context*. Ed. Uichol Kim, Kuo-Shu Yang and Kwang-Kuo Hwang. Springer, 2006. 467-486. Nakalimbag.

Aguiling-Dalisay, Grace. "Ginabayang Talakayan: Notes from Sexuality Research." *Feminist Research Experiences: A Casebook*. Ed. Sylvia H. Guerrero. Lunsod Quezon: University of the Philippines Center for Women's Studies, 1995. 89-102. Nakalimbag.

Aguiling-Dalisay, Grace, et al. *Luto ng Diyos: Mga Kuwento ng Buhay Mag-asawa*. Lungsod Quezon: Akademya ng Sikolohiyang Pilipino Publishing House, 1995. Nakalimbag.

Aguiling-Dalisay, Grace, Jay A. Yacat at Atoy Navarro. *Extending the Self: Volunteering as Pakikipagkapwa*. Quezon City: UP National College of Public Administration and Governance Center for Leadership, Citizenship, and Democracy, 2004. Nakalimbag.

Aguiling-Dalisay, Grace, Mariano Sto. Domingo and Ma. Lina Van Heugten. "Ang Pagkalalaki Ayon sa mga Lalaki: Pag-aaral sa Tatlong Grupong Kultural sa Pilipinas." *Philippine Social Sciences Review* 52 (1995): 143-166. Nakalimbag.

Allwood, C. M. "Psychology in a global world-Locally relevant... but globally ignored?." *PSYCHOLOGIST*

18.2 (2005): 84-86. Nakalimbag.

Balanon, Faye Alma at Jay A. Yacat. "Dignity, Potential and Rights: Cultural Definitions of the Best Interest of the Child (Documenting the Good Practices of Kaugmaon and Tambayan in Davao City)." *Emerging Good Practices: A Documentation of the Experiences and Learnings of Save the Children UK's Programme for Abused and Exploited Children.* Quezon City: UP Psychosocial Trauma and Human Rights Program and Save the Children (UK) Philippines, 2003. Nakalimbag.

Bautista, Ma. Cynthia Rose B. "The Social Sciences in the Philippines: Reflections on Trends and Development." *Philippine Review of Economics* 38.1 (2001): 92-120. Nakalimbag.

Bautista, Violeta. "View of Sapi by Evangelical Churchworkers: Some Implications for Psychopathology and Counseling." *Understanding Behavior, Bridging Cultures: Readings on an Emerging Global Psychology*. Ed. Allan B.I. Bernardo, Natividad A. Dayan and Allen A. Tan. Quezon City: Psychological Association of the Philippines, 1998. 175-184. Nakalimbag.

Bautista, Violeta, Aurora Roldan at Rhodora Myra Garces-Bacsal. *Working with Abused Children from the Lenses of Resilence and Contextualization*. Quezon City: University of the Philippines, 2001. Nakalimbag.

Bernardo, Allan B.I. "Culture and Philippine Psychology: Progress and Prospects." *Pi Gamma Mu Diamond Lectures*. Ed. Ma. Luisa Camagay. Quezon City: Pi Gamma Mu International Honor Society in Social Science, Philippine Alpha Chapter, 2009. 31-50. Nakalimbag.

___. "Psychology Research in the Philippines." *Philippine Journal of Psychology* 30 (1997): 38-57. Nakalimbag.

Billedo, Cherrie Joy F. *From CTC to TC: A Look at Filipino Social Relationships Online*. Paper Presentation. Dumaguete: Annual Convention of the Psychological Association of the Philippines, 2009.

Billedo, Cherrie Joy F., et al. *Are Filipino Values Local or Global? Testing the Cultural Particularity and Universality of Filipino Values*. Paper Presentation. Iloilo City: Annual Convention of the Psychological Association of the Philippines, 2011.

Cantiller, Josefina Andrea at Jay A. Yacat. *Isip: Mga Kaisipan sa Kultura, Lipunan at Sikolohiyang Pilipino*. Vol. 1. Lungsod Quezon: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino, 2012. Nakalimbag.

Church, Timothy at Marcia Katigbak. "Indigenization of Psychology in the Philippines." *International Journal of Psychology* 37.3 (2002): 129-143. Nakalimbag.

Cipres-Ortega, Susan at Ma. Angeles Guanzon-Lapena. *Locally Developed Psychological Tests: A Critical Review*. Paper Presentation. Manila: National Academy of Science and Technology, 1997.

Clemente, Jose Antonio R. "An Empirical Analysis of Research Trends in the Philippine Journal of Psychology: Implications for Sikolohiyang Pilipino." *Philippine Social Sciences Review* 63.1 (2011): 1-31. Nakalimbag.

___. *Contextualizing Fairness Perceptions: Investigating Possible Moderating Effects of the Categories of Kapwa in a Classroom Justice Context.* Paper Presentation. Puerto Princesa, Palawan: Psychological Association of the Philippines, 2010.

Clemente, Jose Antonio, et al. "Revisiting the Kapwa Theory: Applying Alternative Methodologies and Gaining New Insights." *Philippine Journal of Psychology* 41.2 (2008): 1-32. Nakalimbag.

Commission on Higher Education. "CHED Memorandum Order No. 38 Series of 2010." 2010.

De Vera, Ma. Gracia. "Pakikipagkuwentuhan: Paano Kaya Pag-aaralan ang Pakikiapid?" *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo at Gamit.* Ed. Rogelia Pe-Pua. Lungsod Quezon: Surian ng Sikolohiyang

Pilipino, 1982. 187-193. Nakalimbag.

Decenteceo, Edwin. “The Pagdadala Model in Counseling and Therapy.” *Philippine Journal of Psychology* 32 (1999): 89-104. Nakalimbag.

dela Cruz, Teresa, et al. *Trust and Power: Child Abuse in the Eyes of the Child and the Parent*. Quezon City: Psychosocial Trauma and Human Rights Program, UP Center for Integrative and Development Studies, 2001. Nakalimbag.

Enriquez, Rowena. “Pakikipagkuwentuhan: Isang Katutubong Metodo ng Pananaliksik.” *Mga Piling Babasahin sa Panlarangang Pananaliksik*. Ed. Rogelia Pe-Pua. Vol. 2. Lungsod Quezon: Unibersidad ng Pilipinas, 1988. 157-164. Nakalimbag.

Enriquez, Virgilio G. “Developing a Filipino Psychology.” *Indigenous Psychologies: Research and Experience in Cultural Context*. Ed. Uichol Kim and John Berry. Sage Publications, Inc, 1993. 152-169. Nakalimbag.

___. “Filipino Psychology: Concepts and Methods.” *Asian Perspectives on Psychology.* Ed. Henry .S.R. Kao & Durganand Sinha. Vol. 19, Cross-Cultural Research and Methodology Series. London: Sage Publications, Inc. 40–53, 1997. 40-58. Nakalimbag.

___. *From Colonial to Liberation Psychology.* Quezon City: University of the Philippines Press, 1992. 1-29. Nakalimbag.

___. “Kapwa: A Core Concept in Filipino Social Psychology.” *Philippine Social Science and Humanities Review* 42 (1978). 1-4. Nakalimbag.

___. “Mga Batayan ng Sikolohiyang Pilipino sa Kultura at Kasaysayan.” *Sikolohiyang Pilipino: Batayan sa Kasaysayan, Perspektibo, mga Konsepto at Bibliograpiya.* Lungsod Quezon: Unibersidad ng Pilipinas. 1-17. Nakalimbag.

___. *Pagbabangong-Dangal: Indigenous Psychology and Cultural Empowerment.* Akademya ng Kultura at Sikolohiyang Pilipino, 1994. Nakalimbag.

___. "Sikolohiyang Pilipino: Perspektibo at Direksiyon." *Ulat ng Unang Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino.* Ed. Lilia F. Antonio, Esther S. Reyes, Rogelia E. Pe at Nilda R. Almonte. Lungsod Quezon: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino, 1976. 221-243. Nakalimbag.

___. "The Development of Philippine Psychological Thought." *Sikolohiyang Pilipino: Isyu, Pananaw at Kaalaman*. Ed. Allen Aganon and Ma. Assumpta David. Manila: National Book Store, 1985. 149-176. Nakalimbag.

Galvez, Roberto. "Ang Ginabayang Talakayan: Katutubong Pamamaraan ng Sama-Samang Pananaliksik." *Mga Piling Babasahin sa Panlarangang Pananaliksik*. Ed. Rogelia Pe-Pua. Vol. 2. Lungsod Quezon: Unibersidad ng Pilipinas, 1988. 141-156. Nakalimbag.

Gastardo-Conaco, Ma. Cecilia. "The Development of a Filipino Indigenous Psychology." *Philippine Journal of Psychology* 38.2 (2005): 1-17. Nakalimbag.

Go Tian, R.L. "A Construct Validation of the Tagasalo Personality Using the Panukat ng Pagkataong Pilipino (PPP)." *Philippine Journal of Psychology* 37 (2005): 35-49. Nakalimbag.

Gonzales, Lydia. "Ang Pagtatanung-Tanong: Dahilan at Katangian." *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo at Gamit.* Ed. Rogelia Pe-Pua. Lungsod Quezon: Surian ng Sikolohiyang Pilipino, 1982. 175-186. Nakalimbag.

Grolnick, W., et al. "Playing with Fire: A Developmental Assessment of Children's Fire Understanding and Experiene." *Journal of Clinical Child Psychology* 19 (1990): 128-135. Nakalimbag.

Guanzon, Ma. Angeles. "Paggamit ng Panukat Sikolohikal sa Pilipinas: Kalagayan at mga Isyu." *Sikolohiyang Pilipino: Isyu, Pananaw at Kaalaman*. Ed. Allen Aganon and Ma. Assumpta David.

Manila: National Book Store, 1985. 341-370. Nakalimbag.

Javier, Roberto Jr. “Ang Pakikipagkapwa: Pilipinong Lapit sa Pananaliksik.” *Layag* 1.1 (1996): 51-56. Nakalimbag.

___. “Ang Sarap ng Sariwa..ay Saya at Saysay ng Buhay: Kaisipan sa Kapaligiran, Kasaganahan at Kagaanan sa Buhay.” *Isip: Mga Kaisipan sa Sikolohiya, Kultura at Lipunang Pilipino*. Ed. Josefina Andrea R. Cantiller and Jay A. Yacat. Vol. 1. Lungsod Quezon: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino, 2011. 171-198.

___. “Bawal ba ang Sex... Ligaw... Inom... pati Puyat?: Ilang Karanasan ng Lalabintaunin na Halaw sa mga Pag-aaral ng mga Lasallian.” *Malay* 21.2 (2008): 43-52. Nakalimbag.

___. “Mahirap Ka na Nga, Malulungkot Ka Pa, Mas Mahirap ‘Yon! Pagiging Masayahin at Paraan ng Pag-agapay ng Karaniwang Pamilyang Filipino sa Harap ng Hirap.” *Malay* 23.1 (2010): 99-109. Nakalimbag.

___. “Pangpamamaraang Kaangkinan ng Pakikipagkuwentuhan.” *Binhi* 2.2, Lungsod Quezon: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino, 2005. Nakalimbag.

___. “Sikolohiyang Pilipino: Papaloob o Papalabas?” *Layag* 1.1 (1996): 51-56. Nakalimbag.

Kim, Uichol at John Berry. “Introduction.” *Indigenous Psychologies: Research and Experience in Cultural Context*. Ed. Uichol Kim and John Berry. Sage Publications, Inc., 1993. 1-29. Nakalimbag.

Kuhn, Thomas. *The Structure of Scientific Revolutions*. Chicago: Chicago University Press, 1962. Nakalimbag.

Lagmay, Alfredo. “Western Psychology in the Philippines: Impact and Response.” *International Journal of Psychology* 19 (1984): 31-44. Nakalimbag.

Maggay, Melba A. *Pahiwatig: Mga Kagawiang Pangkomunikasyon ng Filipino*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2002. Nakalimbag.

Manalastas, Eric Julian. *Acts of Pakikipagkapwa: A Proposal Using the Act-Frequency Approach*. Paper Presentation. Dumaguete City: Annual Convention of the Psychological Association of the Philippines, 2009.

Martinez, Carmelo L. "Isang Pag-aaral sa Konteksto at Katangian ng Kasiyahan ng mga Kabataan." *Isip: Mga Kaisipan sa Sikolohiya, Kultura at Lipunang Pilipino*. Ed. Josefina Andrea R. Cantiller and Jay A. Yacat. Vol. 1. Lungsod Quezon: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino, 2011. 125-170. Nakalimbag.

Martinez, Carmelo. "Living in (or Leaving) the Streets: Why Street Youth Choose the Streets Despite Opportunities in Shelters." *Asia Pacific Social Sciences Review* 10.1 (2010): 39-58. Nakalimbag.

Mendoza, S. Lily L. "Theoretical Advances in the Discourse of Indigenization." *Between the Homeland and the Diaspora: The Politics of Theorizing Filipino and Filipino American Identities*. Manila: University of Sto. Tomas Publishing House, 2006. 61-109. Nakalimbag.

Montiel, Cristina J. "Social psychological dimensions of political conflict resolution in the Philippines." *Peace and Conflict: Journal of Peace Psychology* 1.2 (1995): 149-159. Nakalimbag.

___. "Citizen-based peacemaking in a protracted war." *Peace and Conflict: Journal of Peace Psychology* 3.2 (1997): 115-134. Nakalimbag.

___. "Political trauma and recovery in a protracted conflict: Understanding contextual effects. *Peace and Conflict: Journal of Peace Psychology* 6.2 (2000): 93-111. Nakalimbag.

Ong, Michelle G. "Katawan, Sarap, Babae (Hindi Ito Porno)." *Isip: Mga Kaisipan sa Sikolohiya, Kultura at Lipunang Pilipino*. Ed. Josefina Andrea R. Cantiller and Jay A. Yacat. Vol. 1. Lungsod Quezon:

Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino, 2011. 47-89. Nakalimbag.

___. "Sama-Samang Pagtuklas at Paglilimi: Ang Workshop Bilang Metodo ng Pananaliksik." *Binhi* 3. Lungsod Quezon: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino, 2007. Nakalimbag.

Orteza, Grace. "Pakikipagkuwentuhan: Isang Pamamaraan ng Sama-Samang Pananaliksik, Pagpapatotoo, at Pagtulong sa Sikolohiyang Pilipino." *PPRTH Occasional Papers* 1. Lungsod Quezon: Philippine Psychology Research and Training House, 1997. Nakalimbag.

Pe, Rogelia . "Kailangan Ba ng Sikolohiyang Pilipino ng Sarili Nitong Kasaysayan? *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo at Gamit.* Ed. Rogelia Pe-Pua. Lungsod Quezon: Unibersidad ng Pilipinas, 1982. 31-38. Nakalimbag.

Pe-Pua, Rogelia at Elizabeth Protacio-Marcelino. "Sikolohiyang Pilipino: Pamana ni Virgilio G. Enriquez." *Binhi* 1. Lungsod Quezon: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino, 2002. Nakalimbag.

Pe-Pua, Rogelia. "From Decolonizing Psychology to the Development of a Cross-Indigenous Perspective in Methodology." *Indigenous and Cultural Psychology: Understanding People in Context*. Ed. Uichol Kim, Kuo-Shu Yang and Kwang-Kuo Hwang. Springer, 2006. 109-140. Nakalimbag.

___. "Kros-Katutubong Perspektibo sa Metodolohiya: Ang Karanasan ng Pilipinas." *Binhi* 2.1. Lungsod Quezon: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino, 2005. Nakalimbag.

___. "Pagtatanung-Tanong: A Cross-Cultural Research Method." *International Journal of Intercultural Relations* 13 (1989): 147-163. Nakalimbag.

___. "Pagtatanung-Tanong: Katutubong Metodo ng Pananaliksik." *Sikolohiyang Pilipino: Isyu, Pananaw at Kaalaman*. Ed. Allen Aganon and Ma. Assumpta David. Maynila: National Book Store, 1985. 416-432. Nakalimbag.

Perfecto-Ramos, Pia Anna. "The Acculturation Process and Well-Being of Filipina Migrant Mothers: A

Study Done in Sydney Using Indigenous Filipino Methods." *Isip: Mga Kaisipan sa Sikolohiya, Kultura at Lipunang Pilipino*. Ed. Josefina Andrea Cantiller and Jay A. Yacat. Vol. 1. Lungsod Quezon: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino, 2011. 199-236. Nakalimbag.

Rubio, Ritchie Jovero at Robert-Jay Green. "Filipino Masculinity and Psychological Distress: A Preliminary Comparison Between Gay and Heterosexual Men." *Sexuality Research and Social Policy* 6.3 (2009): 61-75. Nakalimbag.

Salazar, Zeus. "Ethnic Psychology and History: Reinterpreting 'Faith Healers.'" *Indigenous Psychology: A Book of Readings.* Ed. V.G. Enriquez. Quezon City: Akademya ng Kultura at Sikolohiyang Pilipino, 1990. 328-328. Nakalimbag.

San Juan, Epifanio. "Toward a Decolonizing Indigenous Psychology in the Philippines: Introducing Sikolohiyang Pilipino." *Journal for Cultural Research* 10.1 (2006): 48-67. Nakalimbag.

Santiago, Carmen at Virgilio G. Enriquez. "Tungo sa Maka-Pilipinong Pananaliksik." *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo at Gamit.* Ed. Rogelia Pe-Pua. Lungsod Quezon: Unibersidad ng Pilipinas, 1982. 155-160. Nakalimbag.

Sinha, Durganand. "Indigenizing Psychology." *Handbook of Cross-Cultural Psychology:*. Ed. J.W. Berry, Y.H. Poortinga and J. Pandey. Vol. 1: Theory and Method. Boston, MA: Allyn & Bacon, 1997. 129-169. Nakalimbag.

Sta. Maria, Madelene. "Indigenous Psychology, Ethnopsychology, Cross-Cultural Psychology and Cultural Psychology: Dinstinction Implications for Sikolohiyang Pilipino." *Asia-Pacific Social Science Review* 1.1 (2000): 11-22. Nakalimbag.

___. "Is the Indigenization Crisis in Philippine Social Sciences Resolved in Sikolohiyang Pilipino?" *Layag* 1.1 (1996): 101-120. Nakalimbag.

Tan, A. "Philippine psychology: Growth and Becoming." *Readings in General Psychology.* Ed. Lota A. The and Ma. Elizabeth J. Macapagal. Quezon City: Ateneo de Manila University,1999. 19-38. Nakalimbag.

Torres, Amaryllis T. "Methods, Mind or Meaning: Shifting Paradigms in Philippine Psychology." *Philippine Journal of Psychology* 30 (1997): 17-37. Nakalimbag.

Udarbe, Margarita H. "The Tagasalo Personality." *Philippine Journal of Psychology* 34 (2001): 45-65. Nakalimbag.

Yacat, Jay A. "Making Sense of Being and Becoming Filipinos: An Indigenous Psychology Perspective." *Philippine Journal of Psychology* 38 (2005): 19-37. Nakalimbag.

___. *Psychological Consequences of Filipino Values Transgressions: The Moderating Role of Ibang Tao and Hindi Ibang Tao Relationships*. Paper Presentation. Cebu City: Annual Convention of the Psychological Association of the Philippines, 2012.

Yacat, Jay A., et al. *Filipino Social Relationships: Surfacing Underlying Themes of Ibang Tao/Hindi Ibang Tao*. Paper Presentation. Dumaguete: Psychological Association of the Philippines, 2009.

Yang, Kuo-Shu. "Indigenous Psychology, Westernized Psychology and Indigenized Psychology." *Cang Gung Journal of Humanities and Social Sciences* 5.1 (2012): 1-32.